# Mga Gamot Laban sa Mikrobyo at ang Trangkaso

Tatlong gamot laban sa mikrobyo (amantadine, rimantadine, at oseltamivir) ang inaprubahan at mabibili upang gamitin sa **pag-iwas** ng trangkaso. Ang lahat ng mga gamot na ito ay mga de-resetang gamot, at dapat kumonsulta sa doktor bago gamitin ang mga gamot. Kapag ginamit sa pag-iwas, sila ay mga 70% hanggang 90% na may bisa sa pag-iwas ng sakit sa mga malulusog na may sapat na gulang.

Apat na gamot laban sa mikrobyo (amantadine, rimantadine, zanamavir at oseltamivir) ang inaprubahan para sa **paggamot** ng trangkaso. Kung ininom sa loob ng 2 araw na magkasakit, maaaring mabawasan ng mga gamot na ito ang mga sintomas ng trangkaso at maaaring mabawasan nito ng 1 o 2 araw ang panahon na ika'y may sakit. Maaari ka ring gawing mas hindi nakakahawa sa iba. Ang lahat ng mga gamot na ito ay dapat resetahan ng isang doktor at dapat inumin ng 5 araw. Ang mga gamot laban sa mikrobyo ay may bisa lamang laban sa mga mikrobyo ng trangkaso. Hindi sila makakatulong sa mga sintomas na may kinalaman sa sipon o maraming ibang sakit na parang trangkaso na sanhi ng mga mikrobyo na kumakalat kapag winter o taglamig.

Ang lahat ng mga gamot laban sa mikrobyo ay iba-iba, depende kung sino ang maaaring uminom nito, kung paano sila binibigay, anumang mga pagbabago sa dosis batay sa edad o mga medikal na kondisyon, at mga masasamang epekto (tingan ang www.cdc.gov/flu/protect/antiviral/sideeffects.htm). Makakatulong ang iyong mga doktor na magpasiya kung dapat kang uminom ng mga gamot laban sa mikrobyo at kung alin dapat ang iyong inumin.

## Ang Paggamit ng mga Gamot Laban sa Mikrobyo

Ang mga gamot laban sa mikrobyo ay pinaka-karaniwang ginagamit upang kontrolahin ang pagkalat ng trangkaso sa mga institusyon, halimbawa sa mga nursing home o mga ward ng ospital, kung saan ang mga taong may malaking panganib (tingnan sa ibaba) na magkaroon ng mga komplikasyon mula sa trangkaso ay magkakalapit sa isa't isa. Ang mga gamot laban sa mikrobyo ay ginamit na rin sa mga cruise na bapor o mga katulad na lugar upang kontrolahin ang pagkalat ng trangkaso.

Kung kumalat man ang trangkaso, ang gawain ng pampublikong kalusugan ay ang pagsamahin ang paggamit ng bakuna sa trangkaso at mga gamot laban sa mikrobyo. Sa isang nursing home, kapag kumalat ang sakit, halimbawa, ang mga residente at mga tauhan ay binibigyan ng bakuna para sa trangkaso at mga gamot laban sa mikrobyo upang maiwasan ang trangkaso hanggang nagka-bisa ang bakuna (mga 2 linggo). Ang gawaing ito ay magpapatuloy hangga't may trangkaso sa lugar na iyon.

Maaari ring ireseta ng mga doktor ang mga gamot laban sa mikrobyo para sa trangkaso para sa mga tao na hindi nakatira sa mga institusyon, ngunit kailangang mag-umpisa ang paggamot sa loob ng 2 araw ng paglabas ng mga sintomas upang ito ay magkabisa. At habang binabawasan ng mga gamot laban sa mikrobyo ang mga sintomas ng sakit, at binabawasan nito ang katagalan ng sakit, 1 lamang (oseltamivir) ang naipakita sa isang pagsusuri na nagbabawas ng ilang mga komplikasyon na nangangailangan ng mga antibiotika.

Kapag pinag-iisipan ang mga gamot laban sa mikrobyo, mahalagang tandaan na ang karamihan ng mga malulusog na tao ay gumagaling mula sa trangkaso nang walang mga komplikasyon.



DEPARTMENT OF HEALTH AND HUMAN SERVICES
CENTERS FOR DISEASE CONTROL AND PREVENTION
SAFER • HEALTHIER • PEOPLE™

## Sino ang Dapat Uminom ng mga Gamot Laban sa Mikrobyo

Ang mga taong may mataas na panganib na magkaroon ng mga malubhang komplikasyon mula sa trangkaso ay maaaring magbenepisyo nang pinakamalaki mula sa mga gamot laban sa mikrobyo. Kabilang dito ang: mga taong 65 taong gulang at higit pa, mga batang 6-23 buwan ang gulang, mga taong may mga pangmatagalang medikal na kondisyon (halimbawa, sakit sa puso o sa baga, diyabetis), at mga buntis na babae. (Punahin na wala sa mga gamot laban sa mikrobyo ang inaprubahang gamitin sa mga batang wala pang 1 taong gulang.) Kahit nagbigay ang CDC ng interim guidance (pangkasalukuyang patnubay) (http://www.cdc.gov/flu/professionals/treatment/0405antiviralguide.htm) para sa mga tagapag-alaga ng kalusugan ukol sa paggamit ng mga gamot laban sa mikrobyo sa panahong ito, ang doktor mo ang magpapasiya kung dapat kang uminom ng mga gamot laban sa mikrobyo sa panahong ito.

**Para sa Paggamot:** Kung sa panahong ito ay magkasakit ka nang may mga sintomas na katulad ng trangkaso, maaaring bigyan ka muna ng iyong doktor ng isang pagsusuri upang malaman kung ikaw ay may trangkaso. (Kabilang sa mga sintomas ng trangkaso ang: lagnat (kadalasang mataas), sakit sa ulo, pagod, masakit na lalamunan at tuyot na ubo, baradong ilong, at masakit na katawan.) Titingnan din ng doktor ang ilang mga bagay bago magpasiya sa paggamot, tulad ng iyong panganib na magkakomplikasyon dahil sa trangkaso.

**Para maiwasan ang Magkasakit:** Kung nagkatrangkaso sa iyong tahanan, institusyon, o komunidad, maaaring piliin ng iyong doktor na bigyan ka ng mga gamot laban sa mikrobyo upang maiwasan ang matrangkaso, lalo na kung ikaw ay may malaking panganib na magkakomplikasyon dahilan sa trangkaso. At kung ikaw ay nalalapit sa isang taong tinuturing na may malaking panganib na magkakomplikasyon dahilan sa trangkaso, maaaring mabigyan ka ng mga gamot laban sa mikrobyo upang maiwasan ang pagpasa ng trangkaso sa isang taong may malaking panganib.

Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang sumusunod:

- "Antiviral Drugs: Summary of Side Effects" (Mga Gamot Laban sa Mikrobyo: Buod ng mga Masasamang Epekto) (www.cdc.gov/flu/protect/antiviral/sideeffects.htm)
- "Background Information for Clinicians: Antiviral Agents for Influenza" (Impormasyon Para sa mga Nagtratrabaho sa Klinika: Mga Antiviral Agent para sa Trangkaso) (www.cdc.gov/flu/professionals/antiviralback.htm)

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang www.cdc.gov/flu, o tumawag sa CDC Flu Information Line sa (800) CDC-INFO.



DEPARTMENT OF HEALTH AND HUMAN SERVICES
CENTERS FOR DISEASE CONTROL AND PREVENTION
SAFER • HEALTHIER • PEOPLE™